

PARA AGARANG PAGLABAS

Bukas na ngayon sa Brampton ang Riverstone Community Centre

BRAMPTON, ON (Hulyo 7, 2022) – Ang pinakabagong community centre ng Lungsod ng Brampton, na Riverstone Community Centre, ay bukas na ngayon sa publiko.

Ang Riverstone Community Centre ay isang renovated na 34,000 square foot na libangang pasilidad na nagtatampok ng isinapanahong saltwater pool, pinalaking mga silid-pagbibihisan, at fitness rooms at ilang multi-purpose rooms. Ang bagong community centre ay nagtatampok din ng isang fitness area, squash courts at marami pa.

Ang Riverstone Community Centre ay matatagpuan sa 195 Don Minaker Drive sa Brampton. Bisitahin ang www.brampton.ca/riverstone para sa kumpletong talaan ng amenity at para magpatala sa mga programa.

Mga Quote

“Excited tayo na buksan ang Riverstone Community Centre sa Brampton, ang pinakabagong recreation centre ng ating lungsod. Ang mga renobasyon ay mula sa pagpapaakma sa kalusugan at kaligtasan, hanggang sa naaakses na ramp para sa salt water pool, hanggang sa pagpapalit sa fitness equipment at marami pa. Hinihikayat ko ang lahat na saliksikin ang pasilidad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod at dedicated tayo sa pagbibigay ng madaling naaakses na mga oportunidad sa libangan para sa lahat sa ating komunidad. Ang Riverstone Community Centre ay isang napakahusay na karagdagan na maglilingkod sa lahat sa Brampton.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Inaasahan ng staff ng Lungsod ang pagdating ng mga tagatangkilik sa Riverstone Community Centre. Ang 34,000 square foot na pasilidad ay isinapanahon para mas makapaglingkod sa kalusugan at kabutihan na hinahangad ng ating komunidad.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na



Media Release

ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca